# Bawasan ang Pagkakalantad sa Abo ng Wildfire sa Loob at sa Paligid ng Iyong Tahanan.



Ang abo at mga kalat mula sa mga wildfire at nasunog na istruktura ay puwedeng tangayin papasok sa mga tahanan. Naglalaman ang abo ng mga nakakalasong metal at kemikal na puwedeng makapinsala sa iyong kalusugan. Puwede nitong mairita ang iyong balat, mata, ilong, at lalamunan, gawing mahirap ang paghinga, at magdulot ng mga pag-atake ng hika sa mga taong may hika.

Sundin ang mga tip na ito para maprotektahan ang iyong sarili at ang sambahayan mo:

## Ilayo ang Abo

- Ilayo ang mga bata mula sa abo at linisin ang mga laruan bago nila ito paglaruan.
- Hugasan nang maigi ang mga prutas at gulay mula sa iyong hardin bago kainin ang mga ito.
- Alisin ang mga sapatos bago pumasok sa iyong tahanan o gumamit ng “mga sticky mat”, na mabibili sa mga tindahan ng hardware, sa mga pasukan at pintuan para alisin ang alikabok at abo sa sapatos mo.
- Ilayo ang mga alagang hayop mula sa abo at i-shampoo ang mga ito kung malagyan sila ng abo.

## Panatilihing Malinis ang Panloob na Kapaligiran

- Magsuot ng masikip na N95 o P100 mask kapag naglilinis.
- Linisin nang madalas ang mga ibabaw sa loob ng tahanan gamit ang basang tela, HEPA-filter na vacuum cleaner, at basang mop. Huwag magwalis nang walis tambo.

**Tandaan:** *Gumamit lang ng mga HEPA-filter na vacuum cleaner. Hindi nasasala ng mga shop vacuum at iba pang karaniwang vacuum cleaner ang maliliit na particle, sa halip, puwede nitong ibalik ang mga particle sa hangin na puwedeng malanghap.*

## Manatiling Ligtas Kapag Gumagawa sa Labas

- Magsuot ng masikip na N95 o P100 mask.
- Huwag gumamit ng mga leaf blower o magsagawa ng anumang aktibidad na maglalagay ng abo sa hangin.
- Magsuot ng guwantes, mga kamisetang mahahaba ang manggas, mahahabang pantalon, at sapatos para hindi madikitan ng abo at iba pang kalat ang balat. Magsuot ng proteksyon sa mata at takip sa ulo kapag nag-aalis ng abo.
- Hugasan agad ang abo na madidikit sa iyong balat hangga’t maaari.
- Doblehin ang plastic bag o iba pang lalagyan para sa mga kalat at abo. I-seal ang lahat ng bag o lalagyan para maiwasang maikalat ang abo ng hangin o ulan. Makipag-ugnayan sa iyong County para sa mga tagubilin sa pagtatapon.

© 2025, California Department of Public Health